
# Project EASE

(Effective and Accessible Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**




# MODYUL 15

# REBOLUSYONG PAMPULITIKA SA PRANSIYA AT AMERIKA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 15**
**REBOLUSYONG PAMPULITIKA SA PRANSIYA AT AMERIKA**

Sa huling bahagi ng ika-18 siglo, ibang uri ng himagsikan ang lumaganap sa bahagi ng Atlantiko. Ito ay naimpluwensiyahan ng mga ideyang pinalaganap noong Panahon ng Enlightenment. Inilatag nito ang mga pagtatanong ukol sa absolutong monarkiya at ang dominasyon ng Simbahan sa mga panlipunan at pampulitikang galaw ng mga tao. Ang ganitong kaisipan ay naging daan upang patalsikin ang tradisyunal na rehimen sa Amerika at Pransiya. Nagpasimula ang digmaan noong 1775 sa pagitan ng 13 kolonya sa Timog Amerika at Britanya. Ito ang unang himagsikan na naghangad ng kalayaan at pagbabago ng lipunan. Naging daan din ito sa paglawak ng mga prinsipyong rebolusyonaryo sa Pransiya at isang madugong himagsikan noong 1789. Ang Himagsikan sa Pransiya ay itinuturing na mas malaki ang iniwang epekto sa Europa at iba pang panig ng mundo sa dahilang iniwan nito ang tatlong mahalagang prinsipyo ng pagbubuo ng isang nasyon-estado: ang *kalayaan, pagkakapantay-pantay at ang kapatiran*.

May limang aralin na inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Digmaan para sa Kalayaan sa Amerika
- Aralin 2: Ang Rebolusyong Pranses
- Aralin 3: Ang "Napoleonic Wars"
- Aralin 4: Ang Labanan sa Waterloo
- Aralin 5: Ang Rebolusyon ng mga Aliping itim sa Haiti

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Natatalakay ang Rebolusyong Pangkaisipan at Panlipunan sa Europa, Amerika at Haiti
2. Naipaghahambing ang dahilan at epektong naidulot sa pulitika at lipunan ng Rebolusyon sa Amerika, Pransiya at Haiti

3. Nakikilala ang mga naging pangunahing tagapagtaguyod ng pagbabagong pampulitika at panlipunan sa Amerika, Pransiya at Haiti
4. Naiuugnay ang mga pagpapahalagang itinuro ng Rebolusyong Pangkaisipan sa pagpapatalsik sa lumang rehimen sa Amerika, Pransiya at Haiti
5. Nasusuri ang naging epekto ng Rebolusyon sa Amerika, Pransiya at Haiti sa pagtataguyod ng liberalismo at nasyonalismo ng mga nasyon-estado sa mundo

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto:Piliin ang titik ng tamang sagot

1. Nagpasimula ang paghahangad ng kalayaan ng 13 kolonya sa Timog Amerika sa Britanya dahil sa
   A. paghingi ng karagdagang buwis
   B. pagpigil sa malayang pagsasagawa ng kanilang pananampalataya
   C. pagkuwestiyon sa aral at doktrina ng Simbahan
   D. hangad na patalsikin ang hari ng Britanya

2. Ang 13 kolonya sa Timog Amerika ng Britanya ay lumawak mula sa Massachusetts sa Hilaga at______ sa timog
   A. Missisipi
   B. Nueba York
   C. Georgia
   D. Carolina

3. Ang naging pangunahing islogan na ginamit ng 13 kolonya sa Timog Amerika bilang protesta sa Parliamento ng Britanya
   A. Ang paglaya namin ay mahalaga para sa kinabukasan
   B. Ang pagmamahal sa bayan ay naipapakita sa pamamagitan ng himagsikan
   C. Maging Malaya at isang karangalan
   D. Walang pagbubuwis kung walang representasyon

4. Insidente na nagpakilala ng malabis na galit ng mga kolonyang Amerikano sa Britanya dahil sa pagdaragdag ng buwis sa tsaa na kanilang inaangkat
   A. Saratoga Massacre
   B. Boston Tea Party
   C. Battle of Waterloo
   D. Unang Kongresong Kontinental

5. Kinilalang bayani ng Digmaan ng paghahangad ng kalayaan sa Amerika
   A. Thomas Jefferson
   B. Thomas Paine
   C. George Washington
   D. Paul Revere

6. Isang abogado na nagsulat ng deklarasyon ng kalayaan ng dating 13 kolonya sa Britanya at pagbubuo ng Estados Unidos
   A. George Washington
   B. Thomas Jefferson
   C. Thomas Paine
   D. Paul Revere

7. Pinuno ng mga rebolusyonaryong aliping itim sa Saint Domingue o Haiti laban sa mga Pranses
   A. Napoleon Bonaparte
   B. Francois Dominique Touissaint L'Ouverture
   C. Lacroix
   D. Thomas Paine

8. Ang kasunduan na nagtapos sa digmaan ng 13 kolonya at ng Britanya
   A. Kasunduan sa Ausburg
   B. Kasunduan sa Paris
   C. Kasunduan ng Tordesillas
   D. Kasunduan sa Vienna

9. Isang insidente sa Pransiya kung saan maraming mga "royals" ang pinutulan ng ulo sa pamamagitan ng guillotine dahil sa paghahangad ng mga taong patalsikin ang hari at magtatag ng republika
   A. Pagbagsak ng Bastille
   B. Rebolusyong Pranses
   C. Reign of Terror
   D. Tennis Court Oath

10. Isang kulungan na sumisimbolo sa di makatarungang pamamalakad ng monarkiya
   A. Karlskrona
   B. Bastille
   C. Santiago
   D. Warsaw

11. Marubdob na damdamin ukol sa bayan at paghahangad ng kalayaan

A. Nasyonalismo
B. Patriotismo
C. Liberalismo
D. Demokrasya

12. Pansamantalang pamahalaan na itinatag ng mga rebolusyonaryong Jacobins upang palitan ang pamahalaang monarkiya

A. Demokratiko
B. Federal
C. Committee of Public Safety
D. Committee on Ways and Means

13. Konsehong ehekutibo na binubuo ng limang direktor

A. Parliamento
B. Kongreso
C. Diet
D. Directory

14. Pamahalaan na pinamumunuan ng isang absolutong hari

A. Imperyo
B. Diktaturya
C. Monarkiya
D. Shogunato

15. Sila ang mga pangunahing lider ng grupong Jacobins na nagpabagsak sa monarkiya sa Pransiya

A. Danton at Robespierre
B. Louis XVI at Marie Antonette
C. Napoleon at Josephine
D. Nelson at Duke ng Wellington

16. Isang makina na ginamit sa panahon ng kaguluhan sa Pransiya at naging simbolo ng hinahangad na reporma ng mga tao

A. Lethal injection
B. Silya Elektrika
C. Gas chamber
D. Guillotine

17. Hari ng Pransiya na naging malabis na maluho at magarbo sa kanyang pamumuno kahit ang kanyang mga nasasakupan ay naghihirap ng lubusan

A. Henry VIII
B. Louis XVI
C. Edward III
D. Peter I

18. Isang mahusay na heneral na nagpalawak ng kapangyarihan ng Pransiya sa Europa

A. Napoleon Bonaparte
B. George Washington
C. George Danton
D. Maximillien Robespiere

19. Kinilala itong Oath of the Tennis Court dahil sapilitang sumumpa ang mga miyembro ng National Assembly upang kaagad silang makabuo ng Konstitusyon para sa Pransiya at ito'y ginanap sa

A. Basketball Court
B. Badminton Court
C. Tennis Court
D. Baseball Court

20. Ang rebousyon sa Saint Domingue ay naging daan sa marubdob na pagnanais ng isang pangkat ng mga alipin na lumaya sa mga mananakop at ito'y nagdulot ng mga radikal na pangyayari maliban sa


A. pagpatay sa mga panginoong maylupa
B. pagsira ng mga gamit sa pabrika
C. pagsunog ng mga plantasyon
D. pag-aalis ng patakarang pang-aalipin

**ARALIN 1**

**ANG DIGMAAN PARA SA KALAYAAN SA AMERIKA**



Ang Digmaan para sa kalayaan sa Amerika ay lalong kilala sa katawagang Himagsikan sa Amerika. Nagpasimula ang himagsikan nang ang mga Ingles nanaging mga migrante sa Timog Amerika ay nagrebelde sa malabis na pagbubuwis na ipinataw sa kanila ng Parliamentong Ingles nguni’t wala naman silang kinatawan sa Parliamento upang sabihin ang kanilang mga hinaing. Nagdeklara sila ng paglaya sa mga Ingles noong 1776 at pagkatapos sila’y nagbuo ng isang malakas na hukbo na magiging tagapagtanggol nila sa mga hinaharap na alitan o sigalot sa Britanya. Ang Digmaan para sa kalayaan ay naging dahilan sa pagbubuo ng Estados Unidos ng Amerika




Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Naisasalaysay ang dahilan at pasimula ng Digmaan para sa kalayaan sa Amerika;
2. Nakikilala ang mga pangunahing aktor at tagapagtaguyod ng kalayaan sa Amerika ;
3. Nasusuri ang naging epekto sa lipunan at pamumuhay ng mga Amerikano ng kanilang paglaya bilang kolonya ng Britanya; at
4. Nabibigyan ng pagpapahalaga ang pagmamahal sa bayan at marubdob na pakikihamok para makamit ang kalayaan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kilalanin mo ang nasa larawan at sa iyong palagay ano ang kanyang naging kontribusyon sa Digmaan para sa Kalayaan ng Amerika




## Ang Labingtatlong Kolonya

Ang malaking bilang ng mga Ingles ay nagpasimula nang lumipat at manirahan sa Hilagang Amerika noong pang ika-17 siglo. Karamihan sa kanila ay nakaranas ng mga persekyusyon dahil sa kanilang mga bagong pananamplataya na resulta ng Repormasyon at Enlightenment sa Europa. Sa kalagitnaan ng ika-18 siglo ay nakabuo na sila ng 13 magkakahiwalay na kolonya na ang hangganan sa Hilaga ay ang Massachusetts at sa Timog ay ang Georgia. Bawa't isa sa kolonya ay may mga sariling lokal na pamahalaan. Noong 1750 ay gumastos ng napalaking halaga ang Britanya laban sa Pransiya upang mapanatili sa ilalim ng kanilang imperyo ang 13 kolonya. Ito ang dahilan kung bakit nais ng Britanya na ang mga kolonya ay mag-ambag sa naging gastusin ng Britanya at ito'y nais nilang kunin sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga buwis.




**Ang 13 kolonya noong 1775**

**"Walang Pagbubuwis kung walang Representasyon"**

Ang mga kolonya ay walang representante sa Parliamento ng Britanya sa London kaya sila ay nagprotesta sa pagbabayad sa malabis na buwis na ipinapataw sa kanila. Ang kanilang naging paboritong islogan ay ang" walang pagbubuwis kung walang representasyon". Noong 1773 ay isang grupo ng mga kolonista ang nagsuot ng katutubong kasuotan ng mga Katutubong Amerikano at nakapasok sa isang pang-kalakal na bapor ng mga Ingles. Kanilang itinapon ang mga tone-toneladang tsaa sa pantalan ng Boston harbor sa Massachusetts. Sila'y nagprotesta sa ipinataw na buwis sa tsaa na inaangkat sa mga kolonya. Kinilala sa kasaysayan ang pangyayaring ito bilang *Boston Tea Party*. Nagpasa ang pamahalaan ng Britanya ng kaparusahan sa mga kolonista na naging kabahagi ng nabanggit na insidente. Tinawag ang mga batas na ito sa Amerika bilang *Intolerable Acts.*




**Ang Stamp Act na ipinasa ng Parliamento noong 1765 ay nagdagdag ng buwis para sa pamahalaan ng Britanya sa pamamagitan ng paglalagay ng mga selyo sa anumang produkto na dadalhin sa Britanya mula sa mga kolonya**

## Ang Unang Kongresong Kontinental

Ang mga kolonyang bumubuo sa 13 kolonya ng Britanya sa Amerika ay dagling sumaklolo sa naging kahinatnan ng Insidente sa Massachusetts. Binuo nila ang Unang Kongresong Kontinental na dinaluhan ng mga representante ng bawa't isang kolonya maliban sa Georgia.  Ang pagpupulong na ito at pagsasama-sama ng mga kolonya ay isang pagpapakilala ng kanilang paglaban sa mga batas at polisiyang ipinatutupad ng mga Ingles sa kanila. Noong ika-5 ng Setyembre, 1774, 56 kinatawan ng mga kolonya ang dumalo dito at binigyang diin ng grupo na sa pagkakataong iyon mula sa isang kialalng kinatawan na si *Patrick Henry*, na wala ng dapat makitang pagkakaiba ang isang taga-Virginia, Pennsylvania, New York at New England. Dapat na tandaan na sila'y nagkakaisa at sama-samang magtataguyod para sa kapakanan ng kabuuang kolonya. Pinagkaisahan nila na itigil na ang pakikipagkalakalan sa Britanya at ito'y nagpasimula pagkatapos ng Setyembre, 1775.

Marami sa mga kolonya ang determinadong bumuo at gumamit ng mga radikal na pamamaraan upang labanan ang puwersa ng Britanya. Sa bawa't kolonya ay bumuo

sila ng magiging kabilang ng kanilang boluntaryong army at handang makipaglaban sa pamamagitan ng digmaan.





**Ang mga Amerikanong sundalo noong ika-18 siglo**

**Ang Pagsisimula ng Digmaan**

Noong Abril 1775  nagpadala ang Britanya ng tropa ng mga sundalo sa Boston upang kunin puwersahan ang isang tindahan ng pulbura sa bayan ng Concord. Isang Amerikanong panday na nagngangalang Paul Revere ang naging kasangkapan upang malaman ng mga tao na may paparating na mga sundalong British. Sa pamamagitan ng pagsakay sa kanyang kabayo at pagligid sa buong bayan ay napagsabihan niya ang mga tao na maghanda sa pakikipaglaban. Kaya mayroong grupo ng mga tagapangalaga at tagapagbantay na Amerikano ang humadlang sa mga sundalong Brtish na papalapit sa bayan ng Lexington. Nagpalitan ng putukan ang magkabilang pangkat hanggang walong Amerikano ang napatay.

Dito na nagpasimula ang Digmaan para sa kalayaan ng mga Amerikano. Sa Concord naman ay nagkaroon ng pagkakataon ang mga Amerikano na mag-organisa at puwersahang mapabalik ang mga sundalong British sa Boston. Dito na nila tuluyang nakubkob ang mga sundalong British sa loob ng siyudad.




**Ang mapa na nagpapakita ng digmaan para sa kalayaan ng mga Amerikano laban sa mga mananakop na British**


**Ang Ikalawang Kongresong Kontinental**

Ang Kongresong Kontinental ay muling nagpulong sa ikalawang pagkakataon noong Mayo, 1775 at idineklara ang pamahalaan na tinawag nilang “United Colonies of America” ( Pinagbuklod na mga kolonya ng Amerika). Ang hukbo ng mga militar ay tinawag na “Continental Army” at ang naatasan na *commander-in-chief* ay si George Washington.

Sinubukan ng hukbong militar na makuha ang Boston nguni’t natalo sila sa Digmaan sa Bunker Hill. Sinunod ng mga Amerikanong kubkubin ang Canada nguni’t natalo rin sila dito. Maski sunud-sunod ang pagkatalo ng mga Amerikano sa labanan ay hindi pa rin sila nawalan ng pag-asa sapagka’t tuluyang napaalis nila ang mga sundalong British na patuloy na nakukubkob sa Boston noong Marso, 1776.

**Ang Deklarasyon ng Kalayaan**

Noong Hunyo 1776 ay nagpadala ng malaking tropa ang Britanya sa Atlantiko upang tuluyang durugin at pahinain ang puwersang Amerikano. Upang matugunan ang ganitong pangyayari ay minarapat ng Kongresong Kontinental na aprubahan ang Deklarasyon ng Kalayaan noong Hulyo 4. Ang dokumento ay isinulat halos lahat ni Thomas Jefferson, isang manananggol at binigyang diin ng dokumento na ang *dating mga kolonya ay di na sa kasalukuyan teritoryo ng Britanya*. Sila sa panahong iyon ay kinikilala na bilang malayang nasyon sa katawagang Estados Unidos ng Amerika.




**SI Thomas Jefferson ang manananggol na nagsulat ng Deklarasyon ng Kalayaan ng Amerika**

Buwan na ng Agosto ng tuluyang nakadaong ang hukbo ng Britanya at sinakop nila ang siyudad ng Nueba York. Napilitan ang puwersa ni George Washington na mag-retreat sa labanan. Ang hukbo ng mga British ay napakalaki na halos bumubuo sa 30,000 mga sundalo samantalang ang hukbo na pinangungunahan ni Washington ay nasa 3,000 sundalo lamang ang bilang. Nagkaroon ng pag-aaral at pag-plaplano si Washington kaya noong ika-25 ng Disyembre,1776 ay naglunsad siya at ang kanyang hukbo ng isang sopresang pag-atake laban sa mga British. Ginamit ng hukbo ni Washington ang Ilog Delaware upang maisakatuparan ang kanyang balak. Ito ang naging dahilan kung bakit nila napagwagian ang Digmaan sa Trenton at Princeton nguni't sila'y di nagtagumpay sa pagkuha sa Nueba York.

**Paglusob mula sa Canada**

Simula noong 1777 ay pinasimulan ng mga British ang pag-atake sa Amerika mula sa Canada, nguni't sa bawa't pagtatangka nila sila ay napipigil ng mga hukbong Amerikano. Ang Continental Army ay lumaki na sa bilang at umaabot na sa halos 20,000 sundalo ang bumubuo nito. Noong Oktubre 1777 ay nanalo sa Labanan sa Saratoga ang mga Amerikano at ito ang naging dahilan sa pagwawakas ng mga pag-atake ng mga British mula sa Canada. Ang pagsuko ng hukbong British ay mula sa pamumuno ni Heneral John Burgoyne laban sa hukbong pinamumunuan ni Heneral Horacio Bates.




**Ang makasaysayang pagsuko ng mga British sa Saratoga, New York**

**Pagtulong ng mga Pranses sa Labanan**

Ang bansang Pransiya ay tradisyunal na kalaban ng Britanya at ang mga Pranses ay naging lihim na taga-suporta ng mga rebeldeng Amerikano simula pa lamang ng labanan. Noon pang 1778 ay pinasimulan ng bigyan ng rekognisyon ng pamahalaang Pranses ang Estados Unidos ng Amerika bilang isang malayang estado. Nagpadala sila ng mga bapor pandigma upang matulungan ang mga Amerikano sa kanilang pakikipaglaban sa mga British.

Kaya dahil sa lumalakas na puwersa ng mga rebelde ay minabuti ng Britanya na sakupin ang timugang bahagi ng kolonya isa-isa. Noong Diyembre, 1778 ay nakuha ng mga British ang daungan ng Savannah at nakontrol ng buo ang Georgia. Dahil dito ay naging mahirap sa mga  Amerikano upang muling makuha ang Savannah kahit may tulong na nagmumula sa mga Pranses. Kinubkob naman ng mga British ang Continental Army sa daungan ng Charleston at pinuwersa itong sumuko sa pamahalaan ng Brtianya.

**Ang Labanan sa Yorktown**


Sa pamumuno ng British commander na si Heneral Charles Cornwallis ay tinangkang sakupin ng Britanya ang Timog Carolina. Nguni't sa pamamagitan ng magkasamang puwersa ng mga Amerikano at Pranses ay natalo ang mga British sa Labanan sa King's Mountain noong huling bahagi ng 1780 at sa Labanan sa Cowpens ng mga unang bahagi ng 1781. Nag-ipon ng lakas sa kanyang hukbo si Heneral Cornwallis kaya pansamantalang humimpil muna sila sa Yorktown. May karagdagan pang hukbo ng mga sundalong Pranses ang dumating sa Amerika na bumibilang sa 6,000 kaya napagpasyahan ni Washington na talunin ng lubusan ang mga British. Kaya noong Okrubre 19,1781 ay minabuti ng sumuko ni Heneral Cornwallis at dito ay tuluyan ng nakamit ng mga Amerikano ang kanilang kalayaan.

**Paghahangad ng Kapayapaan**


Ang pagkapanalo ng mga Amerikano sa digmaan ay malaking pagkamangha sa mga British sa mundo. Ang Britanya ay itinuturing ng panahong iyon bilang isang malakas na kapangyarihan na mayroong mahuhusay na sinanay na mga sundalo subali't tinalo ng mga Amerikanong sundalo na di nagkaroon ng mga pagsasanay sa pakikipaglaban. Sa isang kumperensiya sa Paris noong 1783 ay pormal na tinanggap ng Britanya ang kalayaan ng kanilang dating kolonya, ang Amerika. Samantalang ang

mga nasa Amerika na nagnanais pa ring pamahalaan ng hari ng Inglaterra ay lumipat sa Canada nanatiling kolonya ng Britanya.

Ang Digmaan para sa Kalayaan ng Amerika ay nagbago sa mukha ng kasaysayan ng mundo sa dahilang ito ang naging dahilan ng pagbuo ng isang bagong nasyon na umunlad at naging isang makapangyarihang bansa sa hinaharap. Ang mga ideyang iniwan ng digmaan para sa kalayaan ay naging simbolo at inspirasyon sa maraming mga kolonya na nais lumaya sa kanilang mga mananakop at lalo na sa mga rebolusyonaryong Pranses. Ang mga rebolusyonaryong Pranses na ito ang naglunsad ng pagpapabagsak sa rehimen ng absolutong monarkiya sa Pransiya noong 1789 at nagbuo ng isang republika ng lumaon.




**Isang simbolo na binuo ni Benjamin Franklin sa panahon ng Digmaan para sa kalyaan ng Amerika na nagpapakita ng kailangang pagkakaisa ng 13 kolonya upang makamit ang tunay na kalayaan laban sa mga British**



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sagutin ng maikli ang tanong:

Sa iyong palagay ano ang direktong naging epekto ng digmaan para sa kalayaan ng Amerika sa mga nasyong naghahangad ng paglaya sa kanilang mga mananakop ng panahong iyon?

________________________________________________________

____________________________________________________________

Tandaan Mo!



- Ang Digmaan para sa kalayaan ng Amerika ay lalong kilala sa katawagang Rebolusyong Amerika
- Ang digmaan ay nagpasimula dahil sa pagtutol ng dating 13 kolonya na dagdagan ang buwis na pinapataw sa kanila ng pamahalaan ng Britanya
- Ang naging kilalang islogan ng panahon ng digmaan ay”walang pagbubuwisan kung walang representasyon”
- Si George Washington ay itinuring na isang mahusay na heneral sa Rebolusyong Amerikano at nang lumaon ay naging unang pangulo ng Estados Unidos ng Amerika
- Taong 1783 sa pamamagitan ng isang Kasunduan sa Paris ay kinilala na ang kalayaan ng Estados Unidos ng Amerika ng pamahalaang Britanya



**Gawain 3: Paglalapat**

Pagbibigay ng sariling opinyon: Sa iyong palagay mabisang paraan ba ng pagtatamo ng kalayaan ang paggamit ng dahas at pakikipaglaban? Bakit?

**ARALIN 2**

**ANG REBOLUSYONG PRANSES**

Ang Rebolusyong Pranses na nagpasimula noong 1789 at nagwakas noong 1799 ay nag-iwan ng dalawang pangunahing epekto sa Pransiya, ang pagpapaalis ng isang absolutong hari at nagtatag ng isang republika. Maraming bilang ng mga tao ang pinutulan ng ulo sa pamamagitan ng *guillotine* na nangyari sa panahon tinawag ng mga Pranses bilang *Reign of Terror.* Ang rebolusyon ding ito ang naglatag ng mga digmaang pinamunuan ni Napoleon sa Europa.


Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natatalakay ang mga dahilan na nagtulak sa pagkakaroon ng Rebolusyong Pranses;
2. Nasusuri ang naging bunga ng Rebolusyong Pranses sa pampulitikang aspekto ng Pransiya;
3. Nakikilala ang mga naging pangunahing tagapagtaguyod ng Rebolusyong Pranses at ang kanilang mga naging kontribusyon sa pagtatamo ng kalayaan; at
4. Nabibigyan ng pagpapahalaga ang tatlong pangunahing ideya ng rebolusyon – ang pagkapantay-pantay; kalayaan at kapatiran



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin ang larawan sa ibaba. Sa iyong palagay ay ano ang kaugnayan nito sa pagbabago ng pampulitikang pamumuhay ng mga Pranses?




**Ang Kalagayan ng Lipunang Pranses noong 1789**

Simula ng taong 1789 ang Pransiya ay pinaghaharian ni Haring Louis XVI, isang Bourbon monarko na ang pamumuno ay absoluto. Ang absolutong hari ay itinuturing na makapangyarihan pinuno ng isang nasyon sapagkat ang kanilang ginagamit na basehan sa kanilang pamumuno ay ang *divine rights of king.* Ang divine rights ay ang paniniwala na ang kapangyarihan ng isang hari ay nagmula sa kanilang mga diyoses kaya siya ay pinili ng diyos para pamunuan ang bansa.

Ang lipunang Pranses naman ay nahahati sa tatlong pangkat na tinatawag na *estates.* Ang unang *estate* ay binubuo ng mga obispo, pari at ilan pang may katungkulan sa Simbahan. Ang ikalawang *estate* ay binubuo ng mga maharlikang Pranses. Samantalang ang ikatlong *estate* ay binubuo ng nakakaraming bilang nga

mga Pranses gaya ng mga magsasaka, may-ari ng mga tindahan, mga utusan, guro, manananggol, doktor, at mga manggagawa.

Pagdating noong 1780 ay kinailangan ng pamahalaang Pranses ng malaking halaga ng pera para itaguyod ang pangangailangan ng lipunan. Ang bumuo ng una at ikalawang *estate* sa ilalim ng kautusan ng hari ay di ibinibilang sa mga nagbubuwis at ang ikatlong *estate* lamang ang nagbabayad. Idagdag pa rito ang magarbo at maluhong pamumuhay ng hari at ng kanyang pamilya kaya patuloy ang paghihirap ng mga bumubuo sa ikatlong *estate.* Gayundin ang maraming digmaan na sinalihan ng Pransiya kabilang na dito ang tagumpay na Digmaan para sa kalayaan ng mga Amerikano ay umubos ng pera para gamitin sa pangangailangan ng mga pamgkaraniwang Pranses.







**Sina Haring Louis XVI at Reyna Marie Antoinette ng Pransiya**

**Ang Pambansang Asembliya**

Upang mabigyan ng lunas ang kakulangan sa pera na kailangan ng Pransiya nang panahong iyon ay minabuti ni Haring Louis na magdaos ng isang pagpupulong ng lahat ng mga representante ng tatlong estates. Noong 1788 ay nagkaroon ng isang pagpupulong kung saan pinili ang mga magiging representante ng bawat isang estado. Sa panahon ng halalan ay naging mainit na usapin ang ukol sa mga radikal na ideya at ang pamamaraan na dapat sundin ukol sa pamumuno sa Pransiya. Ang mga dumalong

representante ay naimpluwensiyahan ng nangyaring Digmaang Sibil sa Inglaterra at ng Digmaan para sa kalayaan ng Amerika, kung saan ang mga tao ay naging kasangkapan upang patalsikin ang pamumuno ng isang absolutong hari.

Kaya ng sila'y muling nagkita-kita noong Mayo 1789 sa Versailles malapit sa Paris ay dinominahan ng ikatlong estado ang bilang ng mga representante. Sinasabing ang kasapi ng ikatlong estado ang tunay na representante ng malaking bilang ng populasyon ng Pransiya. Binigyang diin ng ikatlong estado na hindi sila magtatapos ng pagpupulong hangga't hindi nabubuo ang isang sinulat na Konstitusyon ng Pransiya. Ang pangyayaring ito ay tinawag na *Tennis Court Oath.* Ito ay kanilang isinagawa sa isang tennis court dahil hindi pinahintulutan ng hari na ipagpatuloy nila ang kanilang pagpupulong. Ang kasapi ng ikatlong estado ay sabay-sabay na sumumpa rin dito upang kanilang wakasan ang absolutong pamumuno ni Haring Louis XVI. Binalewala ni Haring Louis XVI ang nasabing pangyayari at kanyang itinatag ang bagong institusyon na tinawag na Asembliyang Nasyonal. Sa asembliyang ito ay ginawa niyang pare-pareho ang bilang ng mga representate ng bawa't isang estado.




**Ang *Tennis Court Oath* na nangyari sa Versailles, Pransiya**

## Ang Pagbagsak ng Bastille

Nagkaroon ng malaki at popular na suporta sa Paris ang Bagong Asembliya. Noong Hunyo sa pamamagitan ng payo ni Reyna Marie Antoinette, nagpadala ng mga sundalo ang hari upang payapain ang lumalaganap na kaguluhan. Noong Hulyo 14 ay isang malaking kaguluhan ang nangyari ng sugurin ng mga nag-aalsang tao ang Bastille. Ang Bastille ay isang kulungan ng mga napagbintangan at kalaban ng kasalukuyang monarko sa kanyang pamamahala. Pinakawalan ang mga nakakulong dito. Ang pagbagsak ng Bastille ay palatandaan na ang mga tao ay naghahangad ng pagbabago sa pamumuno at pagtatatag ng isang Republika.

Lumaganap ang kaguluhan sa iba't ibang panig ng Pransiya at tinawag ng mga rebolusyonaryo ang mga sumama sa mga pakikipaglaban. Sila'y binuo na ng mga sundalong sinanay at handang ipagtanggol ang Asembliya. Karaniwan silang nakasuot ng mga badges na pula, puti at bughaw na naging kulay ng rebolusyon. Hanggang sa kasalukuyan ang mga kulay na ito ay matatagpuan pa rin sa watawat ng bansang Pransiya. Naging kilala ang peryodong ito sa ingles bilang “Great Fear”.

## Kalayaan, Pagkapantay-pantay at Kapatiran

Taong 1789 ng ang *Constituent Assembly, ang bagong katawagan sa Asembliyang Nasyonal* ay nakapagpalabas ng isang bagong saligang-batas. Ang pambungad na pananalita ng saligang-batas ay ukol sa Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao at Mamamayan. Binigyang diin nito na ang lipunang Pranses ay kinakailangnang nababatay sa mga ideya ng kalayaan, pagkapantay-pantay at kapatiran. Makalipas ang dalawang taon, Setyembre 1791, ay lubusang napapayag si Louis XVI na pamahalaan ang Pransiya sa pamamagitan ng bagong saligang-batas. Ang kapangyarihan ng mga nasa Simbahan at ng mga maharlika ay nabawasan din at ang halalan para sa Asembliyang bubuo ng mga batas ay idinaos.

## Ang Pagsiklab ng Rebolusyon


Maraming mga monarko sa Europa ang naapektuhan ng malaki sa pagsiklab ng Rebolusyon sa Pransiya. Natakot silang ang ganoong uri ng rebolusyon ay lumaganap sa kanilang mga kaharian at pinangangasiwaan. Noong taong 1792 ay nagpadala ang Austria at Prussia ng mga sundalong tutulong upang pulbusin ang mga rebolusyonaryong Pranses. Sa mahabang panahon ng pakikipaglaban ay tinalo ng mga rebolusyonaryo ang mga sundalong tumulong upang sila'y patigilin. Ang rebolusyon ay lalong naging malakas at malaki sa pamamagitan ng pamumuno ng isang abogadong nagngangalang Georges Danton. Pinagsususpetsahan ng mga rebolusyonaryo na posibleng ang mga nobilidad ng Pransiya ay nakikipagbuo ng alyansa sa iba pang mga bansa sa Europa upang muling ibalik ang kapangyarihan ng hari at tapusin ang rebolusyong pinasimulan. Dahil dito ay hinuli nila ang hari at daan sa mga sumusuporta sa kanya ay pinatay sa pamamagitan ng paggamit ng *guillotine*. Tinawag ang pangyayaring ito sa Pransiya bilang *September Massacres.* Noong Enero 1793 ay napugutan naman ng ulo ang haring si Louis XVI mga ilang araw lang ay sinunod naman nila si Reyna Marie Antoinette. Dahil sa mga sunud-sunod nitong pangyayari ay idineklarang isang Republika ang Pransiya.




**Ang rebolusyon ay lalong naging malakas at malaki sa pamamagitan ng pamumuno ng isangabogadong nagngangalang *Georges Danton***

**Ang Reign of Terror**

Marami sa mga bansa sa Europa kabilang na ang Britanya ay sumama na sa digmaan laban sa Pransiya. Malaking bilang ng mga nakababatang kalalakihan ang pinuwersang sumama sa hukbong sandatahan upang idipensa ang bagong republika. Noong Abril 1794 ay binuo ng mga rebolusyonaryo ang isang pansamantalang pamahalaan sa ilalim ng *Committee of Public Safety.* Ang pinakamabisa at aktibong miyembro rito ay ang isang manananggol na si *Maximilien Robespierre*, isang masidhing republikano.




**Ang manananggol na si *Maximilien Robespierre***

Isa sa naging pangunahin niyang gawain upang maipagpatuloy ang rebolusyon ay sa pamamagitan ng pagpapadala ng maraming mga sundalo na uubos sa mga kaaway ng Republika. Ang mga kaaway na ito ay pawang pinatay sa pamamagitan ng guillotine at tinawag ang pangyayaring ito bilang *Reign of Terror.*Umabot sa 17,000 katao ang pinatay sa pagitan ng 1793 hanggang 1794 at may 20,000 naman ang mga namatay sa mga kulungan.

**Ang Pransiya sa ilalim ng Directory**

Taong 1794 ng humina ang kapangyarihan ng mga rebolusyonaryo at nakuha ng mga *moderates* ang pamamahala. Kabilang sa mga pinunong extremists ng

Rebolusyon gaya nina Danton at Robespierre ay pinatay din sa pamamagitan ng guillotine. Napagwagian naman ng Pransiya ang kanyang pakikidigma sa mga bansang Europa kaya ang mga ito ay lumagda ng kasunduan sa kaniya maliban sa Britanya.

Taong 1795 ng ang Republika ng Pransiya ay gumamit ng bagong saligang-batas na ang naging layunin ay ang magtatag ng isang Direktoryo na pinamumunuan ng 5 tao na taun-taon ay inihahalal. Nguni't ang pamahalaang ito'y di nagtagumpay. Ito'y sa dahilang ang pamahalaan ay naubusan ng pera, iba't ibang pangkating pampultika ang nagnais na hawakan ang pamamahala at maraming tao ang nais na bumalik sa monarkiya.





**Si Napoleon Bonaparte**

**Ang Pagiging Popular ni Napoleon**

Kailangan ng Pransiya ng isang malakas na lider matapos ang rebolusyon kaya noong 1799 ang pinakapopular at matagumpay na heneral, si Napoleon Bonaparte ay nahirang na pinuno. Sa panahon ng kanyang pamumuno ay nasakop niya ang malaking bahagi ng Europa at kinilalang Emperor Napoleon I noong 1804. Ang kanyang hukbo sa kanilang pananakop ay naging mga disipulo ng mga ideya ng Rebolusyong Pranses, ang kalayaan, pagkapantay-pantay at kapatiran. Ang mga ideya na ito ng rebolusyon ay lumaganap sa Europa. Ang mga ideyang ito ang nagsilang sa iba pang mga ideyang pampultika gaya ng *republikanismo* at ng mga praktikal na ideya gaya ng paggamit ng

sistemang metriko sa pagsukat. Naging susi ito upang maghangad ng mga pagbabago sa pamumuno ang mga tao at magtatag ng isang Republikang pamahalaan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ibigay ang sariling kuru-kuro. Kung ikaw ay isang Pranses sa panahon ng Rebolusyon sa Pransiya, ano ang posible mong gawin:

1. Sumapi sa hukbong magtatanggol sa bagong tatag na republika
2. Maging tagapagtanngol ng mga maharlika at nasa Simbahan
3. Magtago sa mga liblib na pook at huwag makialam sa mga nangyayari sa kapaligiran



**Tandaan Mo!**

- Ang Rebolusyong Pranses ay nagtagumpay sa pag-alis ng absolutong kapangyarihan ng hari at pagtatatag ng isang republika
- Malaking bilang ng populasyon sa Pransiya ang pinatay sa pamamagitan ng guillotine sa Panahon ng Reign of Terror
- Tatlong liberal na ideya ang nagging pamoso pagkatapos ng Rebolusyong Pranses, ang kalayaan, pagkapantay-pantay at kapatiran
- Ang Rebolusyong Pranses ang naglatag ng Digmaang Napoleonic sa Europa



**Gawain 3: Paglalapat**


Paanong naging inspirasyon ng Rebolusyong 1896 na pinangunahan ng Katipunan sa Pilipinas ang Rebolusyong Pranses? Ipaliwanag. Isulat sa inyong kwaderno ang iyong sagot.

**ARALIN 3**

**ANG "NAPOLEONIC WARS"**



Ang Napoleonic Wars ay isinunod sa pangalan ni Napoleon Bonaparte na naging pinuno ng Pransiya noong 1799 at nagtangkang ipakilala ang kanyang ideya ng pamahalaan sa buong Europa. Ang Napoleonic Wars ay di tuloy-tuloy na pakikipaglaban sa dahilang nagkaroon pa ng mga peryodo ng kapayapaan sa pagitan ng mga labanan. Ang digmaan ay nagwakas ng si Napoleon ay natalo sa Digmaan sa Waterloo noong 1815.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natatalakay ang mga pangunahing dahilan ng pagsisimula ng Napoleonic Wars;
2. Nakikilala ang lakas at galing ni Napoleon Bonaparte sa pakikihamok sa iba't ibang digmaan na kanyang inilunsad sa Europa;
3. Natutunton sa mapa ang mga bansang sinakop ni Napoleon Bonaparte ;
4. Nasusuri ang epekto ng Napoleonic Wars sa Europa at iba pang panig ng daigdig; at
5. Nakabubuo ng isang plano at istratehiya na maaring gamitin ng isang hukbo sa pakikihamok sa kanyang kalaban.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Isaayos ang letra at itala sa ibaba ang nabuong pangalan ng tao. Tuklasin ang kanyang naging ambag sa Europa.

E-T-R-A-P-A-N-O-B-N-O-E-L-O-P-A-N


____________________________________

**Mga Pangunahing dahilan ng Digmaan**

Ang digmaang Napoleonic ay nag-umpisa sa panahon ng Rebolusyong Pranses. Nagtagumpay ang mga rebolusyonaryo na mapaalis at mapahina ang kapangyarihan ng hari sa Pransiya at maitatag ang isang Republika. Dahil sa pangyayaring ito ay nagkaroon ng takot ang iba pang mga monarko sa napipintong paglaganap ng rebolusyon na posibleng magpabagsak sa kanilang mga pamumuno. Noong 1792 ay nagpadala ang mga pinuno ng Austria at Prussia ng hukbong sandatahan upang lusubin ang Pransiya. Natalo sila ng mga rebolusyonaryong Pranses kaya sa pananaw nila ang mabuting paraan para madepensa ang rebolusyon ay ipalaganap ito sa mga bansa. Noong 1793 ay nagpasimulang lusubin ng mga rebolusyonaryong Pranses ang Netherlands. Upang mapigil ang papalakas na puwersa ng mga Pranses ay minabuti ng Britanya, Espanya, Portugal at Russia na sumali sa digmaan.

**Ang Pagkilala sa Kakayahan ni Napoleon**

Sa mga ilang taon ng digmaan sa Europa ay nanatili ang lakas ng Pransiya sa pakikihamok sa kalupaan at ang mga British naman ay sa katubigan. Nagbago lang ang sitwasyon ng naging kilala ang kakayahan bilang pinunong heneral ni Napoleon Bonaparte. Taong 1798 ng magpadala ng mga barkong pandigma si Napoleon sa Ehipto dahil ang kanyang plano ay atakihin ang puwersa ng British sa India. Nakontrol ni Napoleon ang Ehipto nguni’t ang kanyang mga bapor na pandigma ay sinira ng puwersa ng British admiral na si Horatio Nelson. Nag-ipon muli ng lakas ang puwersa ni Napoleon at naghandang lusubin muli ang puwersa ng mga British. Sa ikalawang pagkakataon ay nasira ang mga sasakyang pandagat ng mga Pranses, ito’y nangyari sa Battle of Trafalgar.







**Ang plano ng naganap na labanan sa Battle of Trafalgar, ang kasalukuyang larawan ng Trafalgar, London at si Heneral Horatio Nelson ng British army na tumalo sa hukbo ni Napoleon Bonaparte.**


**Ang Pananakop ng mga Pranses sa Europa**




**Ang Battle ng Austerlitz, sa kasalukuyan ay ang Slakov na nasa Timog Silangang bahagi ng republikang Czeck**

Ang tagumpay ng mga digmaang inilunsad ni Napoleon sa Europa ay karamihang naipapanalo niya sa mga labanan sa katubigan at di sa kalupaan. Noong 1805 ay nasakop niya ang Hilagang Italya, Switzerland at ang Timog Alemanya. Tinalo niya ang mga Austrians sa Battle of Ulm at ang pinagsanib na puwersa ng mga Austrians at Russians sa Battle of Austerlitz. Taong 1806 nang durugin ng puwersa ni

Napoleon ang hukbo ng mga prussian sa Battle of Jena at sa kabuuan ay kanyang masakop ang Gitnang Alemanya na nakilala bilang Konpederasyon sa Rhine. Patuloy niyang sinakop ang iba pang bahagi ng Italya at noong 1807 ay tinalo niya ang puwersa ng mga Ruso sa Battle of Friedland. Nakontrol din niya ang Poland nang lumaon. Napilitan ang mga Ruso na makipagkasundo sa Pransiya, at sinunod naman niya ang pagsakop sa Espanya at Portugal. Halos sa huling bahagi ng 1807 ay nakapagtayo at napalawak na ni Napoleon ang Imperyong Pranses sa Kanlurang Europa. Tanging ang Britanya na lamang ang nakikipagdigma sa Pransiya. Dahil sa lakas ng kapangyarihan ni Napoleon ay nagtatag siya ng mga bagong pamahalaan at pinuno. Karamihan ay miyembro ng kanyang pamilya. Isa sa kanyang mga kapatid na lalaki, si Joseph, ay itinalagang hari sa Naples noong 1806 at nang lumaon bilang hari ng Espanya. Ang isa pa niyang kapatid na si Louis, ay naging hari sa Holland. Ang mga bagong pinuno na ito ay nagpakilala ng mga reporma upang baguhin at gawing modernisado ang mga kaharian.




**Battle of Lutzen, Saxony sa Alemanya**

## Ang paglusob sa Russia

Taong 1808 ay nagkaroon ng mga pag-aalsa laban sa pamamahala ng mga Pranses sa Espanya at Portugal. Nagpadala ng tulong na mga sundalo ang Britanya sa

mga rebelde nguni't tinalo sila ng mga Pranses sa Espanya kaya minabuti ng mga British na magkonsentreyt na lang sa Portugal. Ang bahagi na ito ng Napoleonic Wars ay naging kilala bilang Peninsular War sa dahilang ang Espanya at Portugal ay nasa bahagi ng Europa na Iberian Peninsula. Dahil dito ay napagdesisyunan ni Napoleon na lusubin ang Russia sa dahilang kapag ito'y kanyang masakop ay madali na niyang mapapasok ang Britanya. Noong 1812 ay nagpadala si Napoleon ng 600,000 mga sundalo na binubuo ng mga Polish, German, Italyano at mga Pranses upang lumaban sa Battle of Borodino.




**Ang Battle of Borodino sa Russia**

Marami sa mga sundalong pinadala ni Napoleon ang namatay sa labanan at kinulang ang bilang ng mga sundalo na magpapatuloy ng paglaban. Nakaabot ang hukbo ni Napoleon hanggang sa Moscow nguni't laking gulat nila dahil wala silang naabutang tao dito ng sila'y dumating. Nang gabi ng Setyembre 14 ay nagkaroon ng malaking sunog sa Moscow. Ang mga gamit at tinitirhan ng mga sundalo ni Napoleon ay nadamay sa sunog kaya nawalan sila ng pananggalang sa malamig na klima.

**Ang Pagkatalo ng Pransiya**

Napilitan si Napoleon pabalikin ang kanyang hukbo sa Pransiya dahil sa makamatay na lamig sa Russia. Karamihan sa mga natirang sundalo na kanyang nakasama sa Battle of Borodino ay namatay naman sa kanilang paglalakbay pagbalik sa Pransiya. Sila ay namatay dahil sa gutom, sa lamig ng klima o napatay ng mga Russians. Mga 20,000 sundalong Pranses na lamang ang nakabalik ng maluwalhati sa Pransiya. Habang abala sa pakikipaglaban si Napoleon sa Russia ay sinamantala naman ng mga British ang Espanya at nanalo sila ng maraming beses sa kanilang pakikipaglaban. Noong 1813 ay nasakop ng mga British ang Timog Pransiya at ang pinagsanib na puwersa ng mga Ruso at Austrian ang sumakop naman sa Hilagang Pransiya. Napulbos ang hukbo ng mga Pranses sa Digmaan sa Leipzig at bumagsak ang imperyong itinayo ni Napoeon unti-unti.

**Pagtatapos ng mga Labanan**




**Ang Battle of Waterloo**


Humina ang kapangyarihan ni Napoleon sa Pransiya noong 1814 at siya ay ipinatapon sa isang isla sa Mediterranean, ang isla ng Elba. Noong 1815 ay nakatakas siya sa Elba at muling nagpasimula ng digmaan sa popular na katawagan na *Isandaang Araw.*




**Ang pagtakas ni Napoleon sa isla ng Elba ay patunay na nais niyang ibalik ang pakikidigma sa mga bansang nagpabagsak sa kanyang puwersa lalong lalo na ang Britanya**


Sa taong iyon ay natalo rin si Napoleon ng Duke ng Wellington sa Battle of Waterloo. Muling ipinatapon si Napoleon sa isang napakalayong isla sa may Karagatan ng Atlantiko ang isla ng St. Helena. Sa islang ito na siya namatay na sa kasalukuyang imbestigasyon at pag-aaral ay namatay siya sa pamamagitan ng *arsenic poisoning.*

Pagkatapos ng mga digmaan sa Europa ay ibinalik ang mga dating monarkong pinuno sa kanilang mga trono. Sa karamihang mga Europeo ay naging inspirasyon si Napoleon sa pagpapalaya ng mga nasyon sa ilalim ng mga mapang-aping pamahalaan. Sa Pransiya marami sa mga tao ang nanatiling sumusunod sa kanilang unang hari. Nguni't lalong dumami ang mga digmaan sa kabuuan ng Europa noong 1830 at 1848. Ito'y isang malaking palatandaan na ang mga ideyang iniwan at inilatag ni Napoleon ay di nabura maski siya ay natalo sa labanan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Suriin ang mapa at ilista ang mga bansang naging bahagi ng paglaki ng imperyong Pranses sa panahon ng pamumuno ni Napoleon Bonaparte. Maaring isulat ang sagot sa iyong kuwaderno



© Microsoft Corporation. All Rights Reserved.



**Tandaan Mo!**

- Ang Napoleonic Wars ay mga digmaang isinunod sa pangalan ni Napoleon Bonaparte na nagging pinuno ng Pransiya noong 1799
- Ang pangunahing dahilan ng Napoleonic Wars ay ang paglalatag ng bagong pamahalaan, ang Republika
- Lumawak ang Imperyong Pranses sa kabuuan ng Europa sa pamamagitan ng mga digmaang pinanalo ni Napoleon Bonaparte
- Ang alyansa ng Prussia, Austria at Britanya ang nagpabagsak sa puwersa ni Napoleon Bonaparte sa Europa
- Ang mga isla ng Elba sa Mediterranean at ang isla ng St.Helena sa may Karagatan ng Atlantiko ay ang mga islang pinagtapunan kay Napoleon Bonaparte ng siya'y talunin ng puwersang pinagsama ng Prussia, Austria, Russia at Britanya



**Gawain 3: Paglalapat**


Gumawa ka nga ng isang maikling plano kung paano mo maaring talunin ang iyong kalaban sa isang laro na madalas ninyong gawin sa inyong lugar. Tandaan mo ang mga taktikang iyong ginamit.

**ARALIN 4**

**ANG LABANAN SA WATERLOO**



Ang Labanan sa Waterloo ay ang naging wakas ng pakikipaglaban at ng kapangyarihan ni Napoleon Bonaparte. Itinuturing itong isa sa kilala at mahalagang digmaan sa kasaysayan ng Europa. Noong 1815, ang pinagsamang puwersa ng Britanya at Prussia ang nagtapos sa mga digmaang pinagwagian at nagpalawak sa Imperyong Pranses na umabot sa 25 taon.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Nasusuri ang dahilan ng pagkatalo at paghina ng puwersa ni Napoleon Bonaparte noong 1813;
2. Nakikilala ang mga pangunahing aktor na naging kasangkapan sa paghina ng kapangyarihan ni Napoleon Bonaparte;
3. Naituturo sa mapa ng Europa ang kasalukuyang lugar na pinagyarihan ng Labanan sa Waterloo ; at
4. Nakapagbibigay ng sariling opinyon ukol sa naging bunga ng paghina ng kapangyarihan ni Napoleon Bonaparte bilang isang pinuno



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin mo ang larawan sa ibaba. Anong mahalagang pangyayari ang iyong posibleng maiiugnay dito?




**Ang Pagtakas ni Napoleon**

Taong 1813 ng talunin ng pinagsamang puwersa ng Britanya, Austria, Prussia at Russia ang emperador na Pranses na si Napoleon Bonaparte. Ang imperyong binuo at itinatag ni Napoleon ay biglang bumagsak at siya ay sumuko sa kanyang mga nagbubunying mga kalaban. Si Louis XVIII, ang kapatid ni Louis XVI (ang haring pinapatay nang panahon ng Rebolusyong Pranses) ang naging hari ng Pransiya noong 1814 at si Napoleon ay ipinatapon sa isla ng Elba, malapit sa kanlurang baybayin ng Italya.





**Ang pagbabalik ni Napoleon sa Pransiya ng siya'y makatakas sa isla ng Elba**

Noong Pebrero 1815 ay nakatakas si Napoleon sa Elba at nakabalik sa Pransiya. Nang kanyang ipinahayag ang kanyang pagbabalik ang dati niyang mga sundalo ay dali-daling sinalubong at pinagbunyi siya. Kaya ng kalagitnaan ng Marso ng taong iyon ay nakapagbuo na muli ng isang malaking hukbo si Napoleon. Nagmartsa sila patungong Paris upang agawin ang trono sa kasalukuyang hari at iproklama siya bilang emperador muli. Ang peryodong ito ay tinawag na Isang daang Araw.

## Ang Planong Talunin si Napoleon

Ang apat na bansa na tumalo kay Napoleon ay nagpasyang muling magpadala ng kanilang mga hukbo sa Belgium. Magsasama-sama ang puwersa ng kanilang mga hukbo at kanilang lulusubin ang Pransiya upang matalo si Napoleon. Mas minabuti ni Napoleon na unahan na ang paglusob ng kanyang mga kaaway bago pa sila magsanib ng kanilang mga puwersa. Ang mga sundalong taga-Britanya at Prussia ang unang nakarating sa Belgium. Ang Duke ng Wellington ang komander ng hukbo ng mga British at si Gebhard von Blucher naman ang komander ng Prussia.







**Ang Duke ng Wellington ng puwersang British at si Gebhard von Blucher ng puwersang Prussia ay ang mga naging pangunahing aktor sa pagpapahina ng puwersa ni Napoleon Bonaparte**

**Ang mga unang labanan**

Noong Hunyo 15, pinangunahan ni Napoleon ang hukbong Pranses tungong Belgium at may pangunahing adhikain na sagupain ang puwersang British at Prussian. Kinabukasan ay nagpadala ng tropang Pranses si Napoleon sa pamumuno ni Michel Ney upang lusubin ang headkwarter ni Wellington sa bayan ng Quatre –Bras.





**Si Michel Ney ay isa sa mahusay na field marshal ng hukbo ni Napoleon Bonaparte**

Si Napoleon naman ang umatake sa hukbo ng mga Prussians sa bayan ng Ligny. Natalo ni Wellington ang hukbo ni Ney nguni’t nagtagumpay naman si Napoleon sa puwersa ng mga Prussian. Noong Hunyo 17, ay dinesisyunan ni Wellington na ilipat ang kanyang tropa sa isang maliit na bayan, ang Waterloo. Sinabihan niya si von Blucher na magpadala rin siya ng mga hukbong Prussian dito.

**Ang Malaking Tagumpay**

Nang umaga ng Hunyo 18 ay inatake ni Napoleon ang puwersa ni Wellington sa Waterloo. Ang puwersa ng mga Pranses ay mas malaki ang bilang at may mas maraming kanyon kaysa sa hukbo ng mga British. Ang tanging adhikain ni Wellington ay mapigil niya ang hukbong papalapit hanggang dumating ang tulong na hukbo ni von Blucher. Naging napakahusay ng ginawang istratehiya ni Wellington sa kanyang hukbo kaya nahirapang tunay ang hukbo ng mga Pranses na makapasok sa lugar ng kanilang mga kalaban.







Nang dumating ang tulong ay hapon na mula sa puwersa ni von Blucher at dagli nilang pinagsama ang kanilang puwersa upang talunin ang puwersa ng mga Pranses. Dahil sa lakas at tapang na pinagsanib ng mga British at Prussian ay unti-unti nilang natalo ang puwersa ng mga Pranses. Tumakas na si Napoleon sa labanan.





**Ang pagtakas ni Napoleon sa Labanan ng Waterloo**

Noong Hunyo 22 ay sumuko si Napoleon sa mga British. Natapos na rin ang kanyang Isang Daan Araw. Si Louis XVIII ay iniluklok sa trono bilang emperador at si Napoleon ay ipinatapon sa isla ng St. Helena. Ito ang lugar na kanyang kinamatayan noong 1821 na batay sa mga bagong pagsusuri ay dahil sa *arsenic poisoning.*




**Si Haring Louis XVIII ang naluklok na emperador ng Pransiya matapos na mapatapon si Napoleon sa St. Helena**




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kilalanin ang mga sumusunod na pangunahing aktor sa Labanan sa Waterloo at ibigay ang kanilang mga naging ambag sa nasabing labanan.

1. 


2. 

3. 

**Tandaan Mo!**

- Ang Labanan sa Waterloo ay ang huling labanan na tumapos sa kapangyarihan at lakas ni Napoleon Bonaparte sa Europa
- Ang Waterloo ay isang bayan sa kasalukuyang bansa ng Belgium
- Ang pamumuno ng Duke ng Wellington ng Britanya at ni Gebhard von Blucher ng Prussia ang tumalo sa hukbo ng mga Pranses sa Waterloo
- Taong 1821 ng mamatay si Napoleon Bonaparte sa isla ng St. Helena, kung saan siya'y pinatapon ng kanyang mga kalaban
- Si Haring Louis XVIII ang kapatid ni Haring Louis XVI ang iniluklok na emperador ng Pransiya matapos mapatalsik si Napoleon Bonaparte



**Gawain 3: Paglalapat**

Kung ikaw ang tatanungin ang pagkatalo ba ni Napoleon Bonaparte sa labanan sa Waterloo ay makatwiran? Bakit?

**ARALIN 5**

**ANG REBOLUSYON NG MGA ALIPING ITIM SA HAITI**

Nagpasimula ang Rebolusyon ng mga aliping itim noong 1789 sa isla sa Caribbean o ang isla ng Hispaniola. Nagkaroon ng mga pag-aalsa dahil sa ginawang pang-aalipin at malabis na pag -aabuso ng mga Pranses na nagmamay –ari ng mga plantasyon, nguni't nang lumaon ay naging isang pampultikang rebolusyon ito na umabot sa 13 taon at nagresulta sa kanilang kalayaan sa Pransiya. Sinira ng 1804 na rebolusyon ang pagiging dominante ng mga puti sa populasyon, ang sistemang plantasyon at ang institusyon ng pang-aalipin sa pinakamayamang bahagi ng kolonya ng Kanlurang bahagi ng mundo. Ang paglaya ng kolonya ay naging kauna-unahan para sa mga aliping itim at ng lumaon ay tinawag itong Republika ng Haiti.

Ang naging pangunahing epekto ng rebolusyon sa Haiti ay ang pagwawakas sa kolonyal na ambisyon ng Pransiya sa kanlurang bahagi ng mundo. Napilitang ipagbili ng Pransiya ang kanyang teritoryo sa Hilagang Amerika sa Estados Unidos sa ilalim ng Bilihang Louisiana noong 1803. Karamihan sa mga Haitian refugees ay dito nanirahan at naging daaan sa kanilang pagtatatag ng *French Creole Culture*. Ang nasabing pag-aalsa ay nagsilbing paalala sa mga may-ari ng plantasyon na huwag pabayaan na lumaganap ang emansipasyon sa mga aliping itim sa iba pang mga isla sa Caribbean at Estados Unidos. Dahil dito ay nagkaroon ng 200 taong isolasyon ang Haiti sa ibang bahagi ng mundo.


Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natatalakay ang mga pangunahing dahilan ng Rebolusyon ng mga aliping itim sa Haiti;
2. Nakikilala ang mga naging pangunahing tauhan sa pagpapalaya ng mga aliping itim sa Haiti;
3. Nasusuri ang mga internal at eksternal na epekto ng Rebolusyon ng mga aliping itim sa Haiti; at
4. Naituturo sa mapa ang lokasyon ng bansang Haiti sa kasalukuyan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin ang mapa sa ibaba. Anong bansa sa kasalukuyan ang makikita rito? Ano ang kaugnayan nito sa ating gagawing talakayan?




**Ang Isla ng Hispaniola sa Kanlurang Indies**

Ang isla ng Hispaniola sa Kanlurang Indies ay ang unang kalupaan na natagpuan ni Christopher Columbus noong 1492. Ang kolonyang ito ang naging sentro ng mga Kastilang gawain sa Amerika hanggang ng lumaon ay nagalugad ni Hernan Cortes at masakop niya para sa pangalan ng hari at reyna ng Espanya ang Mehiko noong 1519. Dahil sa mga yamang matatagpuan sa Mehiko gaya ng ginto at pilak na nagmula sa yaman ng Imperyong Aztec at Inca ay mas pinagtuunan ng pansin at panggagalugad ng mga Kastila ang huli kaysa sa Hispaniola. Ang mga katutubong naninirahan sa Hispaniola ay mga Arawak. Ang kanilang populasyon ay nabawasan dahil sila'y kinasangkapan sa mga pakikidigma, puwersahang paghahanap-buhay sa mga plantasyon at ang pagkakaroon ng mga sakit na galing sa Europa gaya ng *smallpox.*

Sa loob ng 150 taon ay nagkaroon ng interes ang Inglaterra at Pransiya sa islang ito. Ang kanlurang bahagi ng isla ay dinaungan ng mga piratang Pranses at naging